

Dialogue

Domain: Social Welfare

Gender of English Speaker: Female

Gender of LOTE Speaker: Male

This dialogue takes place between **an officer** of the **Department of Housing** and **an applicant**. They are talking about the house visit arrangement.

The dialogue begins now.

No.	Speakers	Segments	Words
1	Officer	Good morning, thank you for visiting us today. How can I help you?	13
	Translation	Magandang umaga, maraming salamat sa pagbisita sa amin ngayong araw. Paano kita matutulungan?	13
2	Applicant	Kamusta. Nag-apply ako ng pabahay ng gobyerno sa New South Wales. Pwede mo ba akong bigyan ng mga detalye tungkol sa pamamaraan sa pabahay ng gobyerno?	26
	Translation	Hello, I applied for government housing in New South Wales. Could you please give me details about the government housing scheme?	21
3	Officer	Well, government housing is a scheme meant for low-income families, old-aged people, and people with disabilities. The rents of these houses are low compared to other houses in the market.	31
	Translation	Ang pabahay ng gobyerno ay para sa may maliliit na kitang pamilya, matatanda, at mga taong may kapansanan. Mababa ang paupa sa mga bahay na ito kumpara sa ibang mga bahay sa merkado.	33
4	Applicant	Naintindihan ko ang mga bagay na 'yan, madam. Dahil maliit ang kita ng pamilya ko, nag-apply ako para dito.	19
	Translation	I understood these things, madam. Since I also fall under low-income earning families, I applied for it.	17
5	Officer	Ok. Can you give me a few more details like your annual income statement, Australian citizenship or eligible immigration status, your family size and your expenses? We will review your application and inform you.	34

Translation		Sige. Pwede mo ba akong bigyan ng iba pang mga detalye katulad ng taunang sahod mo, ang pagkamamamayan mo ng Australia o karapat-dapat na katayuan mo sa imigrasyon, laki ng pamilya mo at mga gastusin? Susuriin namin ang aplikasyon mo at ipagbibigay-alam namin sa'yo.	44
6	Applicant	Sige, ipapasa ko ang mga dokumento bukas. May online na sistema ba para sa pag-apply nito o kailangan ko talagang pumunta dito sa opisina niyo para sa aplikasyon?	28
Translation		Okay, I will submit the documents by tomorrow. Is there any online system for applying or do I have to come to your office with the application?	27
7	Officer	No, you can visit our website and fill in the application form available there and upload the required documents. Then, our verification team will send you an email regarding your eligibility in a week.	34
Translation		Hindi, maaari mong bisitahin ang website namin at punan ang form ng aplikasyon na naroon at i-upload ang mga kinakailangang dokumento. Pagkatapos ay papadalhan ka ng grupo ng pagpapatunay namin patungkol sa pagiging karapat-dapat mo.	35
8	Applicant	Sige, gagawin ko 'yan. Ang pagsagot ng form sa website ay nakakatipid sa oras. Nga pala, magkano ang buwanang renta na babayaran ko?	23
Translation		Okay. I will do that. Filling out the form through the website will save time. By the way how much monthly rent will we be paying?	26
9	Officer	Well, first we need to check your income and that of your family members. Is it just you and your wife moving to the new place or will your children also stay with you?	34
Translation		Kailangan muna naming tingnan ang income mo at ng mga miyembro ng pamilya mo. Ikaw lang ba at ang asawa mo ang lilipat sa bagong bahay o sasamahan kayo ng mga anak niyo?	33
10	Applicant	Kung ganun ay mag-aapply na ako ngayon at pupuntahan ko kayo. Ako lang at ang asawa ko.	17
Translation		If so, I will apply for it right now and will come to see you soon. It's just me and my wife.	22

The end of the dialogue

Vocabulary of Government Housing Application

1. Visiting: **Bumibisita**
2. Government Housing: **Pabahay Ng Gobyerno**
3. Scheme: **Pamamaraan**
4. Low-income: **Maliit Ang Kita**
5. Old-aged: **Matatanda**
6. Disabilities: **Mga Kapansanan**
7. Compared To: **Kumpara Sa**
8. Rents: **Mga Renta**
9. Application: **Aplikasyon**
10. Detail: **Detalye**
11. Annual Income Statement: **Taunang Pahayaga Sa Kita**
12. Australian Citizenship: **Pagkamamamayan Ng Australia**
13. Eligible Immigration Status: **Karapat-dapat Na Katayuan Sa Imigrasyon**
14. Review: **Suriin**
15. Inform: **Ipagbigay-alam**
16. Documents: **Mga Dokumento**
17. Submit: **Ipasa**
18. Online System: **Online Na Sistema**
19. Website: **Website**
20. Upload: **Upload**
21. Required: **Kinakailangan**

22. Verification Team: **Grupo Ng Pagpapatunay**

23. Regarding: **Tungkol**

24. Eligibility: **Pagiging Karapat-dapat**

25. Assign: **Magtalaga**

26. Assist: **Tumulong**